Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI-WESTERN VISAYAS
Duran Street, Iloilo City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

3/14

Marso 14, 2017

**REGIONAL ADVISORY**
No. 053 s. 2017

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP 2017**

Para sa: **Schools Division Superintendents**

1. Ayon sa sulat ni Dr. David Michael M. San Juan, Direktor, Komite sa Pambansang Seminar-Worksyap 2017, ang Kolehiyo ng Malayang Sining, Departemento ng Filipino, De La Salle University-Manila ay magsagawa ng **PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP 2017** na may temang: **"Sipat-Suri, Literasi, at Kompetensi: Ang Midya at Wikang Filipino sa Pagtuturo Mula Elementary Hanggang Kolehiyo"** na gaganapin sa Abril 26-29, 2017, sa Yuchengco 407-409, DLSU, Taft Avenue, Manila.

2. Ang rehistrasyon rate ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Early Bird | Php4,000.00 |
| Public school teachers/instructors/ professors/staff | Php4,000.00 |
| Regular rate (Marso 1-Abril 26) | Php4,500.00 |

**3.** Ang dadalo ay ang mga superbisor, guro, at professor ng Filipino. Ang pagdalo ay **sa opisyal na oras lamang.**

4. Ang detalye ng seminar ay makikita sa DepED Advisory No. 26, s. 2017 na may petsang 07 Pebrero o makipag-ugnay sa www.facebook.com/Pambansang Seminar at 0927-242630.

4. Para sa inyong kaalaman at maangkop na pagkilos.

**VICTOR G. DE GRACIA, JR., CESO V**
Schools Division Superintendent
OIC-Office of the Assistant Regional Director

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHLPOST
0017.00 PESOS
D8056F4 570412
PB74157 15.02.2017
Manila Central P.O.Manila

De La Salle University-Manila
Kolehiyo ng Malalayang Sining
**Departamento ng Filipino**

DepED RO VI
Office of the Regional Director
Duran Street, Iloilo City
RECEIVED
Date: 3/1/17

HRPP, DEPED
RECEIVED
DATE: MAR 0 6 2017
BY: ruby

10 Pebrero 2017

**Dr. Gemma M. Ledesma**
**Director, DepEd-Region VI**
**Duran St., Iloilo City 5000**

Mahal na Dr. Ledesma,

Lumiham po kami upang pormal na hilingin sa inyong butihing tanggapan na ipalaganap sa inyong rehiyong nasasakupan ang **DepEd Advisory No. 26, s. 2017** (may petsang 07 Pebrero 2017) hinggil sa **PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP 2017** ng Departamento ng Filipino sa ilalim ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ng De La Salle University-Manila (DLSU-Manila) na may temang **Sipat-Suri, Literasi, at Kompetensi: Ang Midya at Wikang Filipino sa Pagtuturo at Pagkatuto Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo,** 26-29 Abril 2017 (Miyerkoles hanggang Sabado) sa Yuchengco 407-409 sa DLSU, Taft Ave., Maynila. Malugod po naming inaanyayahan ang mga guro/propesor, mananaliksik, mag-aaral sa antas gradwado, mag-aaral sa andergradweyt at iba pa, sa inyong rehiyon na lumahok sa nasabing seminar-worksyap.

Ang **early bird rate** po ay **4,000 piso** hanggang Pebreo 28. **Ang rate para sa PUBLIC school teachers/instructors/professors/staff** ay **4,000 piso** rin lamang po. Ang **regular rate** (Marso 1 - Abril 26) ay **4,500 piso** po. Mayroon din pong **group promo:** sa bawat 6 na magpapatala mula sa isang paaralan, LIBRE ang ika-7 (6+1). Saklaw po ng bayarin sa rehistrasyon ang (3) tanghalian at pitong (7) meryenda para sa 4 na araw ng seminar, at seminar kit.

Sa kumpirmadong lalahok, mangyaring ideposito ang bayad sa **UCPB Acct. No. 120-114-711-9** sa pangalang "De La Salle University." Pakiscan po at paki-email sa marilou.bagona@dlsu.edu.ph at dmmsanjuan@gmail.com ang deposit slip, at dalhin ang orihinal sa araw ng seminar.

Sa mangangailangan ng matutuluyan/akomodasyon, kontakin po ang YMCA: (02) 527-6982 to 85 o 528-0559; Boy Scouts of the Philippines: (02) 522-0047; PNU Hostel: 317-1768 loc.773/531.

Para sa update o mga katanungan:
**www.facebook.com/PambansangSeminar** at **0927-2421-630**

Kalakip po ng liham na ito ang kalatas ng tagapangulo ng CHED kaugnay ng Pambansang Seminar-Worksyap 2017, gayundin po ang liham-imbitasyon.

Matapat na sumasainyo,

**Dr. David Michael M. San Juan**
Direktor, Komite sa Pambansang Seminar-Worksyap 2017

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

**PARA SA :** **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
**LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD**

**PAKSA :** **PARTISIPASYON SA PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP 2017 NA INORGANISA NG DEPARTAMENTO NG FILIPINO NG DE LA SALLE UNIVERSITY-MANILA AT GAGANAPIN SA IKA 26-29 NG ABRIL 2017**

**PETSA :** Ika-11 ng Enero taong 2017

---

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang aktibidad na ito ay dadaluhan ng mga guro at estudyante mula sa iba't-ibang unibersidad at kolehiyo.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 5244611.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**

01-011-049_LaSalle _2017

Advisory No. 26, s. 2017
February 7, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO NG *DE LA SALLE UNIVERSITY*–MANILA DEPARTAMENTO NG FILIPINO

Ang Departamento ng Filipino ng *De La Salle University (DLSU)–Manila,* ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar-Worksyap 2017* na may temang *Sipat-Suri, Literasi, at Kompetensi: Ang Midya at Wikang Filipino sa Pagtuturo at Pagkatuto Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo,* na gaganapin mula ika-26 hanggang ika-29 ng Abril, 2017 sa Yuchengco 407-409, DLSU, Taft Avenue, Lungsod ng Maynila.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro hinggil sa paggamit ng iba't-ibang midya sa pagtuturo ng bagong kurikulum ng Filipino sa iba't-ibang antas;
2. mapataas ang lebel ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at pagtuturo nito bilang asignatura sa iba't ibang antas;
3. makatulong sa *retooling* ng mga guro ng/sa Filipino sa iba't ibang antas; at
4. makapag-ambag sa pagpapalakas ng intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa akademya sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mahusay, malikhain, at mapanuring pagtuturo ng/sa Filipino sa iba't ibang antas.

Inaasahang lalahok sa nasabing seminar ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan na mula sa iba't ibang antas.

Ang mga dokumento kaugnay ng Pambansang Seminar 2017 ay maaaring makuha sa *www.facebook.com/*PambansangSeminar.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina:

- Ms. Marilou Bagona
- Dr. Rhoderick V. Nuncio
- Dr. David Michael M. San Juan
  De La Salle University–Manila
  Taft Avenue, Manila
  Telepono: (02) 668-2953
  Telefax: (02) 524-4611 loc. 506; 552
  Mobile: 0927-242-1630
  Email: rhodnuncio@gmail.com; dmmsanjuan@gmail.com

*mvec: DA – Pambansang Seminar-Worksyap ng DLSU-Filipino*
*0041 – January 31/February 2, 2017*

## TRAINING MATRIX

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO ng De La Salle University-Manila 2017

**Tema: "Sipat-Suri. Literasi, at Kompetensi: Ang Midya at Wikang Filipino sa Pagtuturo at Pagkatuto Mula Elementarya Hanggang Kolehiyo"**

| TIME FRAME | ARAW 1 (Abril 26) | ARAW 2 (Abril 27) | ARAW 3 (Abril 28) | ARAW 4 (Abril 29) |
|---|---|---|---|---|
| 7:00 – 8:30 ng umaga | • REHISTRASYON at MERYENDA | • REHISTRASYON at MERYENDA | • REHISTRASYON at MERYENDA | • REHISTRASYON at MERYENDA |
| 8:30 – 9:30 ng umaga | • Opening Program<br>• Pangkalahatang Oryentasyon sa Seminar-Workyap<br>• Keynote Address<br>• Open Forum | • Midya at Pedagohiya sa Filipino sa Elementarya<br>• Open Forum | • Panunuring Pampelikula<br>• Open Forum | • Presentasyon ng Awtput sa Worksyap sa Sesyong Plenari (Isang pangkat mula sa bawat antas: Elementarya; Junior High School; Senior High School; Kolehiyo)<br>• Ebalwasyon ng Seminar-Worksyap |
| 9:30 – 11:00 ng umaga | • Pelikula at Pedagohiya sa Kurikulum ng Filipino | • Midya at Pedagohiya sa Filipino sa Junior at Senior High School | • Aktwal na Panonood at Pagsusuri ng Pelikula | |
| 11:00 – 12:00 ng umaga | • Open Forum<br>• Sintesis ng Sesyong Pang-umaga | • Open Forum<br>• Sintesis ng Sesyong Pang-umaga | • Aktwal na Panonood at Pagsusuri ng Pelikula | • Pangkalahatang Sintesis<br>• Pagkakaloob ng Sertipiko |
| 12:00 – 1:00 ng hapon | • Tanghalian | • Tanghalian | • Tanghalian | WAKAS NG SEMINAR |
| 1:00 – 2:30 ng hapon | • Iskrip at Teleserye sa Pananaw ng Edukador | • Midya at Pedagohiya sa Filipino sa Kolehiyo | • Paralel na Worksyap (Elementarya; Junior High School; Senior High School; Kolehiyo) at Working Meryenda<br>• Paghahanda para sa Gabi ng Parangal ng GAWAD PASADO 2017 na isasagawa mula 7:00 – 9:00 ng gabi | |
| 2:30 – 3:00 ng hapon | • Meryenda | • Meryenda | | |
| 3:00 – 4:30 ng hapon | • Iskrip at Teleserye sa Pananaw ng Praktisyoner | • Pananaliksik-Pangmidya sa Filipino | | |
| 4:30 – 5:00 ng hapon | • Open Forum at Sintesis ng Sesyong Panghapon | • Open Forum at Sintesis ng Sesyong Panghapon | | |